BigkiSining: Creativities and innovations for global environmental sustainability

Presented at the 11th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 7 and 8, 2018

11th DLSU Arts Congress

# BigkiSining sa Pilipinolohiya: Panagpuan ng Milenyal at Kalikasan

Alona Jumaquio-Ardales, Ph.D.
*De La Salle University*
*alona.ardales @dlsu.edu.ph*

**Abstrak:** Malaking hamon na patuloy na panghawakan ang ubod ng sariling pagkatao upang hindi mawala ang likas na kalinangan ng bawat lahi sa gitna ng dinamikong transaksyon sa multikultural at multilinggwal na mundo. Sa panig ng sariling bansa, nilalayon ng papel na maibahagi ang pagmalay ng ilan sa ating mga milenyal tungkol sa kultura, kaisipan, at lipunang Pilipino. Sa tulong ng sining, partikular ang pagguhit ng mga larawan, likas na dumaloy ang mga imaheng sumasalamin sa kamalayan ng ilan sa ating mga milenyal tungkol sa pagiging Pilipino. Kaugnay nito, pakay ng papel na sagutin ang sumusunod na mga tanong: (1) may iginuhit bang imahe ng kalikasan ang mga kalahok na milenyal bilang bahagi ng kanilang kamalayan sa paglalarawan ng kultura, kaisipan, at lipunang Pilipino?; (2) kung mayroon, paano ito binigyang kahulugan ng mga kalahok na milenyal?; (3) ano ang hamon/ implikasyon ng bigki**S**ining sa Pilipinolohiya sa pakikipag-ugnay ng Pilipinong milenyal sa kalikasan? Ginamit sa proseso ng pagkalap ng datos ang 14 na mga larawang-tinig o photo voice (Wang at Burris 1997) na iginuhit at ipinaliwanag ng 70 milenyal na may edad 16-19 at kumuha ng asignaturang Komunikasyon sa F/Pilipinolohiya mula sa isa sa pribadong mga pamantasan sa Pilipinas. Ginamit sa pag-oorganisa at pagsusuri ng datos ang teoretikal na balangkas ng Pilipinolohiya ni Covar (1991, 1993).

**Key Words:** Pilipinolohiya; kalikasan; milenyal; larawang-tinig

## 1. PANIMULA

Kritikal na bahagi ang pakikilahok ng mga milenyal hinggil sa unibersal na konsern sa kalikasan nang maipagpatuloy ang mga hakbang tungo sa pangangalaga ng nag-iisa nating mundo (DESA-UN 2016). Napatunayan ng kasalukuyang papel na epektibong paraan ang sining, partikular ang pagguhit ng mga larawan upang mapag-aralan ang pagmalay ng mga Pilipinong milenyal tungkol sa kultura, kaisipan, at lipunang Pilipino na may angking bigkis sa kalikasan.

## 2. LAYUNIN

Pakay ng papel na mailarawan ang kaugnayan ng kalikasan sa Pilipinong milenyal, partikular:
2.1 Matukoy ang mga imaheng pang- kalikasan na ginamit ng ilang milenyal sa paglalarawan ng kultura, kaisipan, at lipunang Pilipino.
2.2 Mailahad ang kanilang pagpapa- kahulugan sa mga imaheng pangkalikasan na ginamit upang ilarawan ang kultura, kaisipan, at lipunang Pilipino.
2.3 Maipaliwanag ang hamon/ implikasyon ng larawang guhit na may tuon sa ugnayan ng Pilipinong milenyal sa kalikasan

## 3. METODO

3.1 Binubuo ng 70 milenyal ang kalahok sa pag-aaral na may edad 16-19 na nasa antas kolehiyo. May kaukulang pahintulot na mula sa mga mag-aaral upang maging bahagi ang kanilang iginuhit na mga larawan sa isinagawang pag-aaral.
3.2 Ginamit ang larawang-tinig o photo voice (Wang at Burris 1997) bilang paraan ng pagkalap ng datos.
 3.2.1 iniwasang gamitin ang salitang 'kalikasan' sa pagbibigay ng panuto sa pagguhit upang hindi maimpluwensyahan ang larawang-tinig ng mga milenyal sa iguguhit nilang imahe.
 3.2.2 ipinaliwanag ng mga kalahok ang kanilang larawan sa harap ng klase, kinunan ito ng bidyo at ini-upload sa e-group ng klase.
 3.2.3 pinili ang mga larawang iginuhit ng mga mag-aaral na may kasamang imaheng pangkalikasan.

## 4. PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG DATOS

Batay sa nakalap na 14 na mga larawang-tinig mula sa mga Pilipinong milenyal, lima rito ay tungkol sa kultura, lima sa kaisipan, at apat sa lipunan, ito ang tatlong bahagi ng Pilipinolohiya ni Covar (1991, 1993). Sa isinagawang pagsusuri ng mga imaheng pangkalikasan, itinuring itong sentro ng larawan kung nakaposisyon sa gitna o pinakamalaki sa lahat o may pinakamatingkad na kulay. Ang iba pang imaheng pangkalikasan katulad ng araw, ulap, damo, bato, tubig, gulay, prutas, kawayan, lupa, at iba pa, ay iginuhit bilang bahagi lamang ng buong larawan. Hindi ito nakapuwesto sa gitna, maliit ang sukat,at hindi lubusang nabigyan ng diin sa pagpapaliwanag. Dahil dito, minabuting maging tuon sa pagtalakay ay mga imaheng pangkalikasang naging sentro ng kanilang larawang-tinig (tingnan ang talahanayan 1).

Tal. 1. Imaheng pangkalikasan sa kamalayan ng mga milenyal tungkol sa kultura, kaisipan, lipunang Pilipino.

| **Pilipinolohiya** | **Larawang-tinig** | **Imahe ng Kalikasan** | | **Pagpapakahulugan ng mga milenyal** |
|---|---|---|---|---|
| | Kodigo | Sentro | Bahagi | |
| Kultura | 1- C31.2 | puno | araw, ulap, tubig | puno- sumisimbolo sa mga Pilipino (paglaki, pagsibol, paglago)<br>araw- Panginoon<br>ulap- langit/masayang pakiramdam<br>tubig- buhay na binibigay ng mga magulang |
| | 2- C31.7 | - | pay-yo, araw, dagat, bulubundukin,perlas, mangga | araw- masayahin<br>pay-yo, bulubundukin-magandang mga tanawinp<br>perlas- anila, palayaw ng Pilipinas<br>mangga- 'trademark' ng Pilipino |
| | 3- C32.6 | - | arkipelago | arkipelago - bansang Pilipinas |
| | 4- C31.1 | - | mundo | mundo - uunlad ang mga Pilipino |
| | 5- C37.1 | - | bulaklak | bulaklak sa puntod - namatay na mabuting tao ang isang Pilipino |
| Kaisipan | 6- C32.1 | puno | mundo | puno- simbolo ng ugat at bunga ng pagiging Pilipino<br>mundo- pagiging kilala ng Pilipino sa mundo sa angkin nilang talento, pagiging masayin, pagkakaisa saan man naroon |
| | 7- NO1.1 | mundo | - | mundo- pagkakaisa, pagmamahal, pagyamanin ang sariling atin |
| | 8- C37.4 | mga pananim | mga damo, bato | mga pananim - pagtitiyaga<br>damo - kasamaan<br>bato - paghihiganti |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 9- C31.4 | - | ulap, palay, gulay,mga daga, panggatong, apoy | palay, gulay, mga daga- kulang sa pagkain ang mga magsasaka<br>panggatong, apoy- gamit sa pagluluto na simbolo ng pagtitiyaga |
| | 10- C31.3 | - | isda, tuta | malansang isda- hindi mahal ang sariling wika<br>tuta (atb. hayop)- hindi mahal ang sariling wika |
| Lipunan | 11- C31.6 | ibon | - | ibon- simbolo ng kalayaan<br>ibong nasa bilog na may guhit - mga Pilipinong biktima ng EJK dahil sa droga |
| | 12- C32.4 | litsong baboy | dahon ng saging, kawayan, kogon, | litsong baboy- pagsasama, pagsasaya, pagsasalo-salo ng mga Pilipino;<br>dahon ng saging- bahagi ng handang litson<br>kawayan, kogon- pagkakaisa, pagtutulungan |
| | 13- NO1.3 | - | kalabaw | kalabaw-tumutulong, malakas, matatag |
| | 14- C32.3 | - | damo, ulap, mga ibon, lupa | damo- tuntungan ng Pilipino habang ipinapakita ang pagiging makabayan (umaawit ng pambansang awit ng Pilipinas)<br>ulap, ibon, lupa- nasa likod habang ipinakikita ang pagiging magalang sa matanda at kasambahayan |

Sa lahat ng imaheng pangkalikasang iginuhit ng mga milenyal, naging matingkad ang puno bilang sentrong imahe para ilarawan ang kulturang Pilipino at kaisipang Pilipino. Itinuring nila ang mga puno bilang simbolong pangkultura na may kahulugan ng pagsibol, paglaki, at paglago; habang puno rin ang sentrong imahe sa kanilang paglalarawan ng kaisipang Pilipino na sumasagisag bilang ugat at bunga ng pagiging Pilipino (tingnan ang pigura 1).



Pig.1. Larawang-tinig ng mga milenyal tungkol sa kultura at kaisipang Pilipino.

Mula sa nakalap na datos, napansing bahagi ng kamalayang milenyal ang pagpapahalaga sa puno. Bahagi ang puno sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino sa lokal na pamayanan. Nagdaraos ng ritwal ang mga katutubo na malapit sa puno lalo kung ito ay kasintanda ng kanilang mga ninuno; nagsisilbing tagpuan at piping saksi ang puno para sa mga magkasintahang nagsusumpaan ng kanilang wagas na pag-iibigan; ginagawang lugar ng umpukan ang ilalim ng puno ng mga magkakapitbahay kaya nilalagyan nila ang katawan nito ng upuang yari sa kahoy o kawayan para doon sila magkuwentuhan; pinagmumulan din ang puno ng mga kuwentong kababalaghang ipinamana ng matatanda na kinasabikang pakinggan ng mga bata at kabataan; ginagamit din ang mga puno ng mga bata sa larong taguan; at likas na panangga ang mga puno ng mga bahay sa kapatagaan kapag tumaas ang tubig-ulan. Maituturing na may katutubong pagpapahalaga ang mga Pilipino sa mga puno sapagkat tuwiran itong kabahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Kaya hindi nakapagtataka kung ang inilahad na kahulugan ng mga milenyal tungkol sa puno ay nagpamalas ng yugto o daloy ng buhay dahil binanggit nila ang pagsibol-paglaki-at-paglago, gayundin ang esensya ng ugat-at-bunga.

Bukod sa puno, ginamit din ng mga milenyal ang imahe ng mundo bilang sentrong bahagi ng kanilang larawan tungkol sa kaisipang Pilipino. Ang kahulugan nito para sa kanila ay pagkakaisa, pagmamahal, at pagyamanin ang sariling atin. Dagdag pa rito, ginamit din ang mga pananim bilang sentrong imahe tungkol sa kulturang Pilipino na ang ibinigay nilang kahulugan ay pagtitiyaga.

Walang lumabas na puno, mundo, o pananim bilang sentrong imahe sa paglalarawan ng mga milenyal tungkol sa lipunang Pilipino, sa halip, iginuhit ang ibon. Ayon sa kanilang paliwanag, mayroon itong dalawang kahulugan: sumisimbolo ang ibon sa kalayaan ng mga tao sa lipunan ngunit ang ibong nasa loob ng bilog na may guhit sa harap ay sagisag para sa mga Pilipinong biktima ng extra-judicial killings o EJK dahil sa droga (tingnan ang pigura 2-a).



Pig. 2-a. Larawang-tinig ng mga milenyal tungkol sa lipunang Pilipino.

Iginuhit din ang litsong baboy bilang sentrong imahe sa paglalarawan ng lipunan. Ang kahulugan nito para sa mga milenyal ay pagsasama-sama, pagsasaya, at pagsasalo-salo (tingnan ang pigura 2-b).



Pig. 2-b. Larawang-tinig ng mga milenyal tungkol sa lipunang Pilipino.

Pansining bahagi ang imahe ng mga hayop sa paglalarawan ng mga milenyal tungkol sa lipunang Pilipino. Iginuhit nila ang ibon at baboy bilang mga sentrong imahe ng larawan. Batay sa nakalap na datos, napagtantong mahalaga para sa kanilang may kalayaan sa lipunang Pilipino. Anila, ibong may harang sa gitna ang simbolo ng mga biktima ng extra-judicial killings o EJK sa nagaganap na War on Drugs. Mulat ang mga milenyal sa kaganapang pambansa dahil kusa itong lumabas sa kanilang larawang-tinig.

Sa kabilang dako, mapupunang patuloy ang diwa ng pagsasaya sa lipunang Pilipino bagama't may krisis sa paligid. Matutunghayan ito sa iginuhit na litsong baboy bilang sentrong imahe ng larawan. Isa itong patunay na likas sa lipunang Pilipinong magsaya at magsama-sama. Nagagawa ito sa pamamagitan ng pagkahilig kumain kasama ang kanilang pamilya at iba pang miyembro ng pamayanan.

## 5. LAGOM AT REKOMENDASYON

Sa kabuuan, ang sentrong imaheng pangkalikasan ng mga Pilipinong milenyal tungkol sa kultura at kaisipang Pilipino ay mga puno, pananim, at mundo; habang sa paglalarawan ng lipunang Pilipino ay mga hayop. Sa bahaging ito, mainam pag-isipan ang pakinabang ng mga larawang-tinig na nagpamalas ng sagisag-daluyan ng angking kamalayan ng mga milenyal tungkol sa kultura, kaisipan, at lipunang Pilipino. Dahil maaari itong maghain ng panimulang gabay sa mga tagapag-organisa ng mga inisyatibang pangkalikasan na may kalahok na mga milenyal. Paano? Mamili at sumentro sa isang imaheng pangkalikasan bilang panimulang gabay. Piliin ang puno bilang sentrong imaheng pangkalikasan ng mga milenyal. Palakasin ang katutubong pagpapahalaga sa mga puno hindi bilang bahagi ng kalikasan kundi bahagi ng pagiging Pilipino sapagkat nakabuhol sa kultura ng pamayanan at nakahimlay sa pambansang kaisipan ng mga mamamayan. Ipaliwanag ang puno bilang karugtong ng paghinga ng mga Pilipino dahil bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay mula sa pagsibol-paglaki-at-paglago dahil naitanim ang ugat sa pamilya, paaralan, simbahan, at madlang midya kung paano pahahalagahan ang mga puno kaya may potensyal itong mamunga nang sagana kaysa unang inakala dahil sa ambag nito sa kabuhayan ng pamilya, kontribusyon sa siyensya ng akademya, imbensyon sa teknolohiya ng mga kumpanya, at marami pang iba. Sa maikling pahayag, gamitin ang puno bilang sentrong sagisag ng pagka-Pilipino dahil ayon nga sa mga milenyal, ito ay pagsibol-paglaki-at-paglago ng ating bansa.

## 6. SANGGUNIAN

Covar, P.R. (1991). Pilipinolohiya. Nasa V.V. Bautista at R. Pe-Pua (mga pat.), *Pilipinolohiya: Kasaysayan, pilosopiya, at pananaliksik* (pp. 37-45). Manila: Kalikasan Press.

Covar, P.R. (1993). Kaalamang bayang dalumat ng pagkataong Pilipino. *Diliman Review,* 41(1), 10-15.

Guillermo, R. (2016). Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino. *Social Science Diliman*, 12 (1), 29-47. http://ovcrd.upd. edu.ph/socialscience diliman/article/view/5231

Hampel, B. & Holdsworth, R. (1996). *Environmental consciousness among adolescents.* Australia: Youth Research Centre, University of Melbourne.

Navarro, A.M., Petras, J.D. at Ujano-Batangan, M.T. (2013). Kasaysayan, lipunan, at sikolohiyang Pilipino. Pambungad ng mga Patnugot. *Diwa E-Journal*, 1(1), 1-20. http://www.pssp. org.ph/diwa/wp-content/uploads/2014/09/03-Pambungad1.pdf

Rodriguez-Tatel, M.J.B. (2015). Philippine Studies/Araling Pilipino/ Pilipinolohiya sa wikang Filipino: Pagpopook at pagdadalumat sa loob ng kapantasang Pilipino. *Humanities Diliman,* 12(2), 110-179.

Department of Economic and Social Affairs. (2003). Chapter 5- Youth and the environment. *World youth report. The global situation of young people* (pp. 130-145). New York: United Nations.

Department of Economic and Social Affairs. (2016). *World youth report. Youth civic engagement.* New York: United Nations.